

**San Francisco Unified School District**  
**2019-2020 APLIKASYON PARA SA PAGPAPA-ENROLL SA IKA-9 GRADO SA LOWELL HIGH SCHOOL**

➤ ***KAILAN ang huling araw ng pagsusumite ng aplikasyon at KAILAN ako bibigyan ng abiso na natanggap ang anak ko sa Lowell?***

- Kailangang isumite ang Aplikasyon para sa Ika-9 na Grado sa Lowell kasama ng Aplikasyon para sa Pag-ee-roll (Enrollment Application) sa SFUSD bago sumapit ang Biyernes, Disyembre 14<sup>th</sup>, 2018, o sa araw na ito.
- Bibigyan ng abiso ang mga aplikante makalipas ang Marso 15<sup>th</sup>, 2019 tungkol sa puwesto sa paaralan ng estudyante.
- Kailangang sumagot ang mga magulang/legal na tagapatnubay ukol sa pagtanggap o hindi pagtanggap sa alok na puwesto bago sumapit ang Abril 5<sup>th</sup>, 2019, o sa araw na ito, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga espesipikong instruksiyon para sa pagtanggap ng alok ng Lowell, na nakadetalye sa sulat ng pag-apruba.

➤ ***ANONG dokumentasyon ang kailangan sa pagsusumite ng Aplikasyon para sa Lowell?***

- **Lahat ng aplikante** - kailangang magbigay ang magulang/legal na tagapatnubay ng I.D. na may litrato.
- Kailangang isumite ng **mga estudyanteng kasalukuyang nasa ika-8 na grado sa SFUSD (hindi kasama ang mga estudyante ng paaralang Tsarter ng SFUSD)** ang Aplikasyon para sa Lowell na ito, at ang pangkalahatang Aplikasyon para sa Pagpapa-enroll ng SFUSD, kung saan nakalista ang Lowell bilang isa sa mga hinihiling na paaralan. Kung nagbago kamakailan ang address ng estudyante o kung hindi tama ito sa rekord ng distrito sa anumang dahilan, kailangang may isang pagpapatunay ng address sa kasalukuyan na kasama ang mga aplikasyon. Pakitingnan ang mga instruksiyon ng Aplikasyon para sa Pagpapa-enroll at nang malaman ang mga tinatanggap na dokumento. Kailangang naka-staple ang aplikasyon para sa Lowell sa ibabaw ng Aplikasyon para sa Pagpapa-enroll.
- Kailangang isumite ng **mga estudyanteng hindi kasalukuyang naka-enroll sa paaralan ng SFUSD o naka-enroll sa paaralang Tsarter ng SFUSD** ang Aplikasyon para sa Lowell na ito, at ang pangkalahatang Aplikasyon para sa Pagpapa-enroll ng SFUSD, kung saan nakalista ang Lowell bilang isa sa mga hinihiling na paaralan. Isang dokumentong nagpapatunay ng petsa ng kapanganakan ng estudyante at dalawang dokumentong nagpapatunay ng address ng magulang/legal na tagapatnubay ang kailangang kasama ng mga aplikasyon. Pakitingnan ang mga instruksiyon ng Aplikasyon para sa Pagpapa-enroll at nang malaman ang mga tinatanggap na dokumento. Kailangang naka-staple ang aplikasyon para sa Lowell sa ibabaw ng Aplikasyon para sa Pagpapa-enroll.
- **Lahat ng Aplikante** - Anumang dokumentasyon na gusto ninyong isama sa aplikasyon ukol sa mga gawaing extracurricular (bukod sa mga gawaing akademiko), puwedeng isaalang-alang na kalagayan, o naipakitang kakayahan na makaigpaw sa hirap. Mangyaring magdala ng photocopy ng mga dokumento para mapabilis ang proseso ng pagsusumite.

➤ ***PAANO naisasama ang proseso ng pag-aaplay sa Lowell sa proseso ng pag-aaplay para sa iba pang high school ng SFUSD?***

- Bukod sa Lowell, puwedeng mag-aplay ang bawat estudyante sa kahit ilang high school ng SFUSD sa pangkalahatang Aplikasyon para sa Pagpapa-enroll ng SFUSD. Kailangang ilista ang lahat ng paaralan, kasama na ang Lowell, ayon sa pagkakagusto ninyo, kung saan nasa pinakaitaas ang pinakagusto. (Hindi kinakailangang unang napili o pinakagusto ninyo ang Lowell)
- Ang mga aplikateng magsasaad na Lowell ang kanilang unang napili ay isasaalang-alang lamang para sa pagbibigay ng puwesto sa iba pang paaralan kapag hindi sila naging kuwalipikado para sa Lowell. Pinagpapasyahan ito *bago pa* ang pagtatalaga ng puwesto.
- Ang aplikateng maglilista ng isa o higit pang high school bilang mas pinipili kaysa sa Lowell at natugunan ang mga pamantayan para sa pagtanggap ng Lowell ay tatanggap lamang ng puwesto sa Lowell kung hindi mabibigyan ng puwesto sa paaralang mas mataas ang ranggo sa listahan ng mga gustong paaralan.
- Kung may nakatatandang kapatid ang aplikante sa ibang paaralan at hiniling niya ang paaralang iyon bilang unang pinipili, bibigyan siya ng puwesto sa paaralan ng kapatid, at hindi na isasaalang-alang ang aplikasyon sa Lowell. Kapag Lowell ang inilista niya nang mas mataas sa listahan ng mga gustong paaralan, pero hindi siya naging kuwalipikado para sa Lowell, mananatili pa rin ang pagkakaroon ng prayoridad dahil sa kapatid.

➤ ***SAAN ko puwedeng makuha at masumite ang nakumpletong aplikasyon?***

- Puwede kayong makakuha ng Aplikasyon para sa Lowell at ng pangkalahatang Aplikasyon para sa Pagpapa-enroll sa SFUSD sa Lowell High School, lahat ng middle school at K-8 na paaralan ng SFUSD, karamihan sa hindi pampublikong middle school, at sa Sentro para sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Institusyong Pang-edukasyon o Educational Placement Center (555 Franklin Street, room 100). Puwede ring mag-print ng aplikasyon mula sa website ng SFUSD: [www.sfusd.edu/enroll](http://www.sfusd.edu/enroll).
- Personal na kailangang isumite ng magulang/legal na patnubay ng kasalukuyang estudyanteng nasa ika-8 grado ng SFUSD ang dalawang nakumpletong aplikasyon sa kanilang kasalukuyang middle school ng SFUSD o sa Sentro para sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Institusyong Pang-edukasyon (Educational Placement Center). Hindi tatanggapin ang aplikasyong ipadadala sa pamamagitan ng koreo.
- Personal na kailangang isumite ng magulang/legal na patnubay ng lahat ng iba pang estudyanteng nasa ika-8 grado ang dalawang nakumpletong aplikasyon sa Sentro para sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Institusyong Pang-edukasyon (Educational Placement Center). Hindi tatanggapin ang aplikasyong ipadadala sa pamamagitan ng koreo.
- **HINDI DAPAT ISUMITE O IPADALA ANG APLIKASYON SA PAMAMAGITAN NG KOREO SA LOWELL HIGH SCHOOL.**

➤ **ANO-ANO ang mga pamantayan na ginagamit para matanggap sa Lowell?**

- Mga pinal na grado sa unang semestre ng ika-7 na grado sa Ingles, Matematika, Araling Panlipunan (Social Studies), at Siyensiya
- Mga pinal na grado sa ikalawang semestre ng ika-7 na grado sa Ingles, Matematika, Araling Panlipunan (Social Studies), at Siyensiya
- Mga pinal na grado sa unang semestre ng ika-8 na grado sa Ingles, Matematika, Araling Panlipunan (Social Studies), at Siyensiya
- Mga marka sa eksameng SBAC sa spring (tagsibol) ng ika-7 na grado o sa eksamen para sa pagpasok sa Lowell sa Enero 2019
- Impormasyong isinumite sa Aplikasyon para sa Lowell (mga gawaing extracurricular na nagpapakita ng kakayahan sa pamumuno, puwedeng isaaalang-alang na kondisyon, naipakitang kakayahan na makaigpaw sa hirap, at impormasyon tungkol sa pamilya)
- Sanaysay (essay) na susulatin sa kasalukuyang paaralan ng aplikante sa Enero 2019 (Lahat ng paaralan na may mga aplikante para sa Lowell ay bibigyan ng mga instruksiyon para sa pamamahala sa pangangailangan para sa sanaysay sa unang bahagi ng Enero.)

➤ **ANO naman ang dapat malaman tungkol sa kinakailangang Eksamen na SBAC/ Eksamen para sa Pagpasok sa Lowell?**

Lahat ng aplikanteng hindi nakakuha ng eksameng SBAC sa spring ng ika-pitong grado ay kailangang kumuha ng eksamen para sa Pagpasok sa Lowell sa isa sa dalawang naka-iskedyul na petsa sa Enero.

- Miyerkoles, Enero 9<sup>th</sup>, 2019, 6:00 p.m. sa Lowell High School, 1101 Eucalyptus Ave, SF 94132
- Miyerkoles, Enero 12<sup>th</sup>, 2019, 8:30 AM p.m. sa Lowell High School, 1101 Eucalyptus Ave, SF 94132
- Ilagay sa Aplikasyon para sa Lowell ang petsa na kukuha ng eksamen ang aplikante.
- Walang liham na nagbibigay ng kumpirmasyon na ipadadala. Inaasahang darating ang mga aplikante sa napili nilang petsa.
- Hindi pahihintulatang kumuha ng eksamen ang mga estudyante na huling darating.
- Matatapos ang eksamen sa Linggo nang mga 11:00 a.m. Matatapos ang eksamen sa Miyerkoles nang mga 9:00 p.m.
- Mayroong 15 minutong pahinga kung saan papayagan ang pagmemeryenda pero hindi magbibigay ng meryenda.
- Hindi pahihintulatan ang mga diksyonaryo at calculator. Magkakaloob ng lapis at papel.
- Hindi pahihintulatan ang paggamit ng cellphone habang nag-eeksamen at posibleng humantong ito sa diskuwalipikasyon. Kokoletahin ang mga telepono at iba pang smart device sa pagsisimula ng eksamen at isasauli sa pagtatapos.
- Para mapahintulatang pumasok sa lugar ng eksamen, kailangang magdala ang lahat ng estudyante ng isang uri ng identipikasyon na may litrato. Inirerekomenda, pero hindi kinakailangan, na magdala rin sila ng kopya ng dalawang aplikasyon.
- Ang mga estudyanteng nakakuha na ng eksameng SBAC sa ika-7 grado ay hindi papayagang kumuha ng eksamen para sa pagpasok sa Lowell. Kapag kumuha ang estudyante ng eksamen at tumanggap ang EPC ng mga nauna nang marka, gagamitin ang naunang marka at isasantabi ang bagong marka.
- Ang mga magulang/legal na patnubay na gustong matanggap ang pinasama-samang marka (composite score) sa Marso 2019, ay kailangang isaad ito sa aplikasyon para sa Lowell. Ang pinagsama-samang marka (composite score) ang numerong nakakuha mula sa mga grado at marka sa eksamen ng aplikante. Hindi nagbibigay ng detalyadong ulat ng mga indibidwal na eksamen.
- Ang mga estudyanteng tatanggap ng akomodasyon para sa eksamen sa pamamagitan ng IEP, planong 504 o iba pang planong pampaaralan na may dokumentasyon, ay kailangan i-tsek ang kahon sa aplikasyon. Kung mayroon, pakilalip ang dokumentasyon. Kung wala kayo nito, kukunin ito ng EPC sa kasalukuyang paaralan.

➤ **ANO ang kinakailangang Paninirahan (residency requirement) sa San Francisco?**

- Kailangang pisikal na nakatira ang mga aplikante at ang kanilang (mga) magulang/legal na tagapatnubay sa San Francisco sa panahon ng aplikasyon. Kailangang patuloy silang nakatira sa San Francisco mula sa panahong iyon at hanggang sa pumapasok sa Lowell ang estudyante. Walang Permisiong Distrito-sa-Distrito (Interdistrict Permit) ang isasaalang-alang para sa pagpasok sa Lowell o sa patuloy na pagpapa-enroll kapag lumipat ang estudyante sa tirahan na nasa labas ng San Francisco.
- Posibleng mangailangan ng karagdagang dokumento kung (a) wala ang pangalan ng magulang/legal na tagapatnubay sa nakapirma sa aplikasyon sa mga rekord ng distrito (kasalukuyang mga estudyante) o sa pagpapatunay ng petsa ng kapanganakan ng estudyante (mga bagong estudyante); (b) pumapasok ang aplikante sa paaralan na nasa labas ng San Francisco; o (c) nakatira ang mga magulang/legal na tagapatnubay sa magkaibang address.
- Agad na kakanselahin at babawiin ang naging resultang pagbibigay ng puwesto para sa mga aplikasyon na mapag-aalamang hindi totoo ang address o nagtataglay ng iba pang hindi tumpak na impormasyon. Posibleng magkaroon ng tala tungkol sa anumang pagsisikapong impormasyon sa permanenteng file o itinatagong rekord ng estudyante. Tandaan na kung kakailanganing mag-employo ang Distrito ng imbestigador o gumamit ng iba pang rekurso para masuri pa ang inyong paninirahan, sisingilin kayo ng Distrito kapag sa huli, mapagpasyahan nitong walang bisa ang inyong pahayag. Inirereserba rin ng Distrito ang karapatang humingi ng karagdagang remedyong sibil at/o kriminal laban sa mga pamilyang nagsumite ng hindi totoong impormasyon.

➤ **Para sa iba pang impormasyon tungkol sa proseso ng pag-aaplay:**

- Tumawag sa Educational Placement Center sa 241-6085.
- Tingnan ang 2019-2020 Gabay sa Pagpapa-enroll (Enrollment Guide)
- Bisitahin ang website sa [www.sfusd.edu/enroll](http://www.sfusd.edu/enroll)
- O dumaan sa Educational Placement Center na nasa 555 Franklin Street, room 100, 8a.m. - 4:30p.m.

# 2019-2020 APLIKASYON SA IKA-9 GRADO SA LOWELL HIGH SCHOOL

Kailangang magsumite ang lahat ng aplikante ng pangkalahatang Aplikasyon sa Pagpapa-enroll sa SFUSD (SFUSD Enrollment Application) nang kasama ang Aplikasyong ito para sa Lowell.

Pangalan ng Mag-aaral	Apeyido	Pangalan	Gitnang Inisyal
Petsa ng Kapaganakan	Kasalukuyang Paaralan		
ID# ng Mag-aaral (para sa mga mag-aaral ng SFUSD)	Tagapayo para sa ika-8 grado		

**Mga gawaing extracurricular na nagpapakita ng kakayahang mamuno:** (ilalip ang dokumentasyon; puwedeng isulat ang mga karagdagang pahayag sa nakalalip na papel.) Hal., mga gawaing extracurricular na kaugnay ng serbisyo sa kawanggawa o komunidad (sa loob man o labas ng paaralan, kasama na ang mga responsibilidad sa pamilya), sining biswal at sining ng pagganap, atletika, mga organisasyong pampaaralan at gawain na nagbibigay-suporta/nagtuturo sa kapwa kabataan.

**Iba pang dapat isaalang-alang na sirkumstansiya o sitwasyon:** (ilalip ang dokumentasyon; puwedeng isulat ang mga karagdagang pahayag sa nakalalip na papel.) Ilarawan ang anumang sirkumstansiya na makatutalak sa paniniwalang magiging mahusay na mag-aaral sa Lowell ang aplikante o na hindi tunay na nailalarawan ng mga grado ng aplikante o ng istandardisadong mga marka sa eksamen ukol sa kakayahan ng aplikante (hal., personal na krisis ng pamilya, kamatayan sa pamilya sa panahong bumaba ang GPA).

**Nagpapakita ng kakayahang makaigpaw sa hirap:** (ilalip ang dokumentasyon; puwedeng isulat ang mga karagdagang pahayag sa nakalalip na papel.) Ilarawan ang mga sirkumstansiya na nagpapakita ng sariling tulak at ambisyon ng mag-aaral para makaigpaw sa hirap (hal., diskriminasyon, pang-ekonomiyang responsibilidad, konsiderasyon sa pag-aaral na hindi kaugnay ng espesyal na edukasyon (hal., planong 504), kawalan ng tirahan).

**Eksamen para sa Pagpasok o Admisyon:** Hindi ako kumuha ng eksameng SBAC sa aking paaralan noong Spring (Tagsibol) ng ika-7 grado, at dahil dito, pupunta ako sa sesyon ng eksamen para sa pagpasok sa Lowell High School sa:

- (pumili lamang ng isang petsa)
- Miyerkoles, Enero 9, 2019 6:00 p.m.
- Sabado, Enero 12, 2019 8:30 a.m.

Walang ipadadalang abiso para magbigay ng paalala. Inaasahang darating ang estudyante sa Lowell bago sumapit ang 6pm sa itinakdang araw nang may **I.D. na may litrato.**

**Mayroong IEP, planong 504, o iba pang dokumentasyon ng paaralan ang estudyante at tumatanggap siya ng mga akomodasyon sa pagkuha ng eksamen sa kasalukuyan niyang paaralan. (Pakilalip)**

**Gusto kong matanggap ang pinagsama-samang marka (composite score) ng aking anak sa Marso 2019.**

### Impormasyon Tungkol sa Pamilya

Nakatira ngayon ang Mag-aaral kasama ang:

- Dalawang magulang/mga legal na tagapangalaga-iisang tahanan
- Dalawang magulang/mga legal na tagapangalaga-magkahiwalay na tahanan
- Iisang magulang/legal na tagapangalaga
- Iba pa: (pangalan) \_\_\_\_\_  
(relasyon sa mag-aaral) \_\_\_\_\_

- Nakatira ba ang iyong pamilya sa Pamublikong Pabahay?  oo  hindi
- Tumatanggap ba ang iyong pamilya ng tulong na Section 8?  oo  hindi
- Kalahok ba ang iyong pamilya sa Cal Works o iba pang tulong mula sa pamahalaan?  oo  hindi
- Karapat-dapat ba ang iyong pamilya sa libre/murang tanghalian?  oo  hindi

**Anumang makabuluhan na impormasyong sosyo-ekonomiko na gusto niyong idagdag.**

**Ako (isulat sa malalaking letra ang pangalan ng magulang/ tagapangalaga) si \_\_\_\_\_, ay sumusumpa, nang malay sa parusa ng batas sakaling hindi nagsasabi ng totoo, na totoo ang impormasyon na ibinigay ko sa aplikasyong ito. (Agad na kakanselahin ang mga aplikasyon na mapag-aalamang may mapanlinlang na address o anumang maling impormasyon, at babawiin ang anumang pagbibigay-puwesto na nagresulta. Posibleng maisama ang pagkakatala ng anumang palsipikadong impormasyon sa permanenteng rekord na itinatago para sa mag-aaral. Mangyaring tandaan na kapag kumuha ng imbestigador ang Distrito o gumamit ng iba pang pondo nito para lalo pang mapag-aralan ang inyong pahayag hinggil sa paninirahan, sisingilin kayo ng Distrito para sa mga gastusing ito kapag sa kahuli-hulihan, napagpasyahang walang katotohanan ang inyong pahayag. Inirereserba rin ng Distrito ang karapatan na maghain ng karagdagang legal na remedyong sibil at/o kriminal laban sa mga pamilyang nagsusumite ng maling impormasyon.) Bukod rito, nabasa ko at nauunawan ang pangangailangan para sa paninirahan ng Lowell na nakasulat sa mga instruksiyon para sa aplikasyon.**

Alam ko ang petsa ng eksamen ko! \_\_\_\_\_ Mga inisyal ng mag-aaral \_\_\_\_\_ Lagda ng Magulang/Tagapangalaga \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_

### OPISYAL NA GAMIT LAMANG

Isinumite noong	Kinuha noong	Petsa:	Bilugan ang nakatalagang petsa ng eksamen	Ipinasok ang DES noong	Petsa
			Enero 9    Enero 12		